Australian Government
Department of Social Services

Sekswal na Pag-atake

Sa Australya, labag sa batas ang sekswal na pag-atake kaninoman.

Ang taong magsasagawa ng sekswal na pag-atake ay maaaring makulong, lalaki man o babae pa sila.

Kung ikaw o isang kakilala mo ay nanganganib, tawagan ang pulisya sa **000**.
Ligtas at mapagkakatiwalaan ang pulisya sa Australya.

Para sa libre at kumpidensiyal na payo at suporta, tawagan ang 1800 RESPECT sa **1800 737 732**.

Kung kailangan mo ng libreng interpreter, tawagan **131 450**.

Hindi kinukunsinti ng Pamahalaang Australyano (Australian Government) ang karahasan sa pamamahay at pamilya anuman ang sirkumstansiya.

Ang sekswal na pag-atake ay nakaumang sa ibang tao nang wala silang pahintulot.

Kabilang sa sekswal na pag-atake ang:

- pamumuwersa kanino man na makipagtalik o gawin ang mga aktong sekswal;
- pamumuwersa kanino man na manood ng pornograpiya; o
- pakikipagtalik o paggawa sa isang bata ang mga aktong sekswal.

Ang sekswal na pag-atake sa pagitan ng mga tao sa isang relasyon, kasal o pamilya ay labag din sa batas

May parehong mga karapatan ang kababaihan gaya ng sa kalalakihan.

Pantay ang pagtrato ng mga batas Australyano sa kababaihan at kalalakihan.

May karapatang mamuhay ang bawat isa nang ligtas sa karahasan, sa isang masayang pag-uugnayan at komunidad.

Hindi kailangang tanggapin ng kababaihan ang masamang pagtrato o masaktan.

Mayroong mga sensitibo sa kulturang serbisyo sa Australya na maaaring makatulong.

Ang **1800 RESPECT** ay Pambansang Serbisyo sa Pagpapayo sa Sekswal na Pag-atake, Karahasan sa Pamamahay at Pamilya sa Australya (Australia's National Sexual Assault, Family and Domestic Violence Counselling service). Nagbibigay ito ng libre, kumpidensyal na pagpapayo at impormasyon sa telepono at online. Pakikinggan ka ng mga tagapayo, sasagutin ang katanungan at maaaring isangguni ka sa iba pang mga serbisyong suporta sa lokal na lugar mo.

Tawagan ang **1800 737 732** o puntahan ang website ng 1800 RESPECT **www.1800RESPECT.org.au**.

Kailangan mo ba ng interpreter?

Tawagan ang **Serbisyo ng Pagsasaling-wika at Interpreting (Translating and Interpreting Service)** (TIS) nang libre sa **131 450**. Makatutulong ang TIS para maiugnay ka sa iba pang mga serbisyo. Ang TIS ay hindi nagbibigay payo.